**Luluwagan ng Gobyerno ang ilang mga paghihigpit sa COVID-19**

Inanunsyo ng Gobeyrno ng Falkland Islands ngayong araw na luluwagan na ang ilang mga paghihigpit bilang pagtugon sa pandaigdigang COVID-19 pandemic.

Ang mga hakbang, na inaprubahan ngayong araw ng Executive Council, ay sasaklaw sa mga susunod na araw, kasama ang muling pagbubukas ng mga paaralan at mga nursery, na pahihintulutan ang mas malawak na social mixing, at pagpapahintulot sa mga non-essential na trabaho at mga gawain ng may ilang eksepsyon.

Bilang pagbubuod, magaganap ang mga sumusunod:

- Magbubukas muli ang mga paaralan at mga nursery sa ika-11 ng Mayo.
- Ang mga negosyo at FIG ay sisimulan rin na i-restart ang mga non-essential na trabaho sa ika-11 ng Mayo, at ang mga patnubay dito ay kasalukuyang tinatapos upang matulungan sila na gawin ito sa ligtas na paraan.
- Ang mga paghihigpit sa mga social at pisikal na mga gawain ay sisimiulan ng luwagan simula Miyerkules, ika-6 ng Mayo at ang mga patnubay mula sa FIG ay ilalabas sa Lunes, ika-4 ng Mayo.
- Pagtataas ng mga antas ng social contact ay papayagang muli. Karagdagang impormasyon ukol dito ay ilalabas sa susunod na linggo sa pamamagitan ng ating *Socially Connected, Physically Protected* na patnubay.
- Ang mga tao na nasa grupo ng lubhang mga nanganganib o high-risk group ay makakatanggap ng bagong mga patnubay mula sa Chief Medical Officer na maaaring magpaluwag ng mga paghihigpit para sa karamihan sa kanila. Ang pakikipag-ugnay sa kanila ay magsisimula sa susunod na linggo.

Sinabi ng Chief Executive na si Barry Rowland na ang mga paggalaw na ito ay proporsyonal at angkop sa pagtugon sa kasalukuyang sitwasyon ng COVID-19 sa loob ng bansa.

“Mahalaga na muling balikan ang mga kaganapan sa ngayon. Noong ika-20 ng Marso 2020, tayo ay kumilos sa ilalim ng ating Infectious Diseases Plan. Ginawa natin ito dahil hindi pa tayo makakapagpasuri para sa COVID-19 sa Falkland Islands, ang mga UK air links ay tumigil, at may ilang mga indibidwal na nagkaroon ng mga sintomas na kapareho ng sa COVID-19. Sa harap ng potensyal na pagusbong ng maliliit na kumpol ng kaso sa Stanley, kinailangan nating kumilos upang protektahan ang komunidad.”

“Noong ika-26 ng Marso 2020, gumawa kami ng karagdagang aksyon. Sa panahong iyon, hindi pa natin natatanggap ang mga resulta ng pagsusuri mula sa UK. Mayroon tayong kumpol ng mga indibidwal na nagpakita ng mga sintomas na kapareho ng sa COVID-19. Bilang resulta, gumawa kami ng desisyon na ipasara ang mga paaralan at mga nursery,

at hiniling sa lahat ng tao na bawasan ang lahat ng hindi mahahalagang mga gawain. Ito ang tamang gawin."

"Noong unang bahagi ng Abril ay kumuha kami ng stock. Nagkaroon ang isla ng kauna-unahang positibong kaso ng COVID-19 sa Mount Pleasant, ngunit nanatili itong isang katotohanan, na nagkaroon ng isang daan at tatlumpu't isang (131) negatibong resulta noong ika-7 ng Abril at walang positibong mga kaso sa Stanley, at an gating ospital ay nakatanggap ng mga mahahalagang suplay ng gamot, karagdagang mga kagamitan, at karagdagang skilled staff, at nasa mas mahusay na kalagayan sa pagtugon. Sa puntong iyon, nadama namin na ang mga paghihigpit ay dapat manatili sa lugar hanggang matanggap natin ang mga karagdagang resulta. Dahil sa pamamaraan na iyon ay kumilos kami noong ika-22 ng Abril na i-restart muli ang sektor ng construction, dahil sa patuloy na paglabas ng mga negatibong resulta sa Stanley."

"Mayroon na tayo ngayong mas higit na malaking kaalaman sa sitwasyon ng COVID-19 dito. Nakakatanggap na tayo ng mas matatag na pagdating ng mga resulta ng pagsusuri mula sa UK at hindi pa nakakatanggap ng mga positibong kaso ng COVID-19 sa Stanley at sa Camp. Ang mga kasamahan natin sa BFSAI ay matagumpay na nakakilos upang limitahan ang mga kaso sa Mount Pleasant."

"Sa ngayon, nagkaroon na tayo ng tatlong daan at walumpu't walong (388) mga pagsusuri, na mayroon lamang labingtatlong (13) positibong kaso. Ang kapasidad ng KEMH ay lalo pang pinalakas, ang mga paghihigpit sa pagbibyahe sa gitna ng Stanley at MPC ay napatunayan na epektibo, at ngayon ay mayroon na tayong kinakailangang kagamitan sa isla upang maisagawa ang mga pagsusuri dito. Inaasahan na mapapatakbo na ito sa susunod na linggo."

"Maayos na rumesponde ang ating komunidad sa mga bagay na hiniling namin na kanilang gawin sa mga tuntunin ng mga paghihigpit sa trabaho at mga aktibidad, sa pagsasagawa ng social distancing, self-isolation, at iba pang mga hakbang sa pampublikong kalusugan. Gayunpaman, nadama naming pagkaluwag ng ilang mga paghihigpit ay nararapat, sa pagkilala na ang mga naturang hakbang, ay magkakaroon ng malaking epektong pang-social, well-being, at sa ekonomiya."

Gayunpaman, binalaan ni Ginoong Rowland na ito ay hindi panahon ng pagpapabaya tungkol sa COVID-19 at ang panganib na maari nitong ibigay, dahil sa palagiang posibilidad ng pagkakaroon ng mga kaso. Ipagpapatuloy ng Gobyerno na suriin ang sitwasyon at kung ang mga paghihigpit ay maaari pang luwagan o higpitan depende sa pagbabago-bago ng mga kalagayan.

"Hinihiling pa rin naming sa lahat ng tao na isagawa pa rin ang social distancing at sundin ang mga lahat ng mga abiso sa pampublikong kalusugan. Naaangkop din ito sa ating mga lugar ng trabaho at mga negosyo, at sa pagprotekta sa mga higit na nanganganib sa ating komunidad."

Sinabi ni Ginoong Rowland na ang mga karagdagang detalye sa mga patnubay ay nakatakdang ilabas sa mga susunod na linggo upang gabayan ang mga indibidwal, mga sambahayan, at mga lugar ng trabaho sa pag-adjust sa pagkaka-alis ng mga paghihigpit.

**Karagdagang mga detaye sa mga pagbabago**

**Mga Paaralan at mga Nursery**

Magbubukas muli ang mga paaralan at mga nursery at ang mga pangkat ng mga staff o tauhan ay nagtatrabaho ng mabuti upang siguraduhin na ang mga silid aralan at mga open spaces ay malinis at ligtas para sa mga kabataan na babalik dito. Mananatili ang distance learning support para sa mga kabataan na hindi makakdalo sa paaralan alinman sa pamamagitan ng self-isolation o dahil sa hindi sila makapaglakbay pamula sa Camp.

Ang cohort ng Year 11 ay otorisadong lumiban sa paaralan, na may pagbubukod sa pagkumpleto ng isang transition programme sa takdang kurso.

Magpapatuloy ang emergency childcare na ipagkakaloob ng Education Department hanggang sa katapusan ng araw sa Huwebes, ika-7 ng Marso 2020, para makapagbigay ng isang araw na pagpaplano at paghahanda para sa pagbubukas ng mga paaralan sa Lunes, ika-11 ng Mayo.

Ilalabas ang mga karagdagang mga detalye mula sa Education Department sa lalong madaling panahon.

**Hindi mahahalagang trabaho**

Papayagan na ang mga hindi mahahalagang trabaho para karamihan sa mga tao ay makabalik ng ligtas sa lugar ng kanilang trabaho. May mga ilang pagbubukod dito (pampublikong mga bahay, restaurants, cafes, at ang sinehan) ngunit ito ay masusing pag-aaralan kada linggo.

Ilalabas ng FIG ang mga patnubay para tulungan ang mga employers at ang kanilang mga staff para manatiling ligtas sa trabaho.

**Patnubay para sa mga higit na nanganganib na grupo**

Isinasaayos ng Chief Medical Officer ang gawin ang pakikipag-ugnayan sa lahat ng mga tao na sa ngayon ay nagse-self isolate para talakayin kung papaano sila makakabalik sa trabaho at pakikipagugnayan sa iba. Para sa ilan, ang panganib ay lubhang mataas sa ngayon ngunit marami sa kanila ay makakapagsagawa ng mas maraming mga gawain.

**Pagtataas ng mga social activities**

Gamit ang mga natutunan sa New Zealand, pina-finalise ng FIG ang mga patnubay na makakatulong sa pagtaas ng antas ng kanilang pakikipagugnayan habang nananatiling ligtas. Ang abiso na *Socially Connected, Physically Protected* ay makakatulong sa mga tao na gumawa ng mga desisyon tungkol sa kung kanino sila makikihalubilo at kung papaano nila ito gagawin. Ilalathala ito sa susunod na linggo.

Kasabay nito, tataasan ang mga oportunidad na mag-organisa ng mga aktibidad para sa pampalakasan at kung saan mananatili ang mga limitasyon dito, mananatili ito sa ilalim ng lingguhang pagsusuri. Ang posisyon sa kasalukuyan ay:

- Ang mga lugar palaruan o play parks ay mananatiling nakasara
- Ang mga aktibidad na may panganib na pisikal ay mananatiling ipinagbabawal
- Ang mga competitive team sports tulad ng football, rugby, at hockey ay magagawang makapagbigay ng low intensity training na nagbibigay-daan sa mga tao na manatiling malayo sa bawat isa
- Ang Leisure Centre ay bumubuo ng mga paraan sa pagtatrabaho na magbibigay-daan sa kanila na makapagbukas sa katapusan ng Mayo.

**Mga walang pagbabago**

Ang mga paghihigpit sa Workboat Services Ltd at FIGAS ay mananatili sa lugar ngunit pag-aaralan kada linggo.

Ang lahat ng in-bound na mga pasahero ay sasailalim sa labing-apat (14) na araw ng quarantine.

Ang mga hindi mahahalagang bisita ay hindi papayagan na makapaglakbay patungong Falkland Islands.

Ang *Approved Travel Scheme* para limitahan ang trapiko sa daan sa gitna ng Stanley at MPA.